**OPISINA NG BISE TSANSELOR PARA SA GAWAING PANGKOMUNIDAD**
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN
Quezon Hall, Diliman, Lungsod ng Quezon
Telepono: (632) 981-8500 local 8600, 8601
*Telefax*: (632) 928-2947 e-mail: ovcca.upd@gmail.com
*Website: ovcca.upd.edu.ph*

Ika- 22 ng Oktubre, 2018

Memorandum No. JECL – 18 – 57

Para Sa : Mga Dekano, Direktor, Kalihim ng Kolehiyo, Pinuno ng Yunit, Guro at Kawani, Tagapangulo ng Sangguniang Mag-aaral, Pinuno ng mga Samahang Mag-aaral

Paksa : Parada at Paligsahan ng Parol

---

Alinsunod sa Memorandum No. MLT-18-209 kaugnay sa *2018 Year-End Program* ng UP Diliman, gaganapin ang tradisyong Parada ng Parol sa ika-14 ng Disyembre 2018 (Biyernes), 5:00 ng hapon, sa *Academic Oval* at *Quezon Hall Ampitheater.*

Dadalhin ng Parada ng mga Parol ang kabuuang tema ng *Year-Ender Program* na ***"Paglaot, Pagdaong"***.

Para sa gabay ng mga yunit, kalakip ang Alituntunin sa Paligsahan ng mga Parol at ang Kaayusan sa Parada.

Maraming salamat.

**JOSE ERNIE C. LOPE**
Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad
Tagapangulo ng *2018 Year-end Program Committee*

**Alituntunin sa Paligsahan ng mga Parol 2018**

Mga akademikong yunit lamang ng Unibersidad ang kalahok sa Paligsahan ng mga Parol bagamat maaaring gumawa at magparada ng parol ang anumang yunit at organisasyon sa Unibersidad. Layuning maipakita sa pamamagitan ng parol ang interpretasyon ng yunit sa temang ***"Paglaot, Pagdaong".***

Pinatutunayan ng kasaysayan ang mayamang kultura ng Pilipinas sa larangan ng pakikipag-ugnayan sa mga dagat na nakapalibot sa kapuluang ito. Pinag-iisa ng mga karagatan ang mga pulo, at maging ng mga kasamahan nitong bansa sa kasalukuyang kinatitirikan nitong rehiyon. Ang pag-usbong ng mga teknolohiyang hindi sumusupil, bagkus ay nakikibagay sa heograpikal na katangian ng pook ay patuloy na nagbibigay-kakayahan sa mga mamamayan na bagtasin ang mapayapa at maunos na karagatan hanggang sa lumampas sa abot-tanaw na pag-asa at pangarap. Ang kahanga-hangang paglalakbay ng mga ninuno na inaawit sa mga epiko ng unang panahon hanggang sa mga bayaning patuloy na naglalakbay sa iba't ibang dako ng mundo ay nagpapatunay ng angking katatagan, pagkamapamaraan, at katapangan ng mga Pilipino.

Sa taong ito, muling babalikan ang mithiin ng Unibersidad na maging giya ng sambayanan sa patuloy nitong pagtahak sa mapanghamong mga daan at paglaot sa dagat ng kawalang-katiyakan, habang tangan-tangan ang paninindigang mapagbuti ang bayan upang sa hinaharap ay sama-samang makadaong sa isang bukas na nagbibigay-halaga sa lahat.

Ang takdang sukat ng parol ay hindi dapat lumampas sa 10x10x10 talampakan. Binibigyan ng ispesyal na halaga ang malikhaing paggamit ng ilaw sa mga parol bilang pag-ayon sa tema. Isang parol bawat akademikong yunit lamang ang maaaring isali sa paligsahan. Hinihikayat ang paggamit ng niresiklong materyales bilang paggalang sa kalikasan. Hinihikayat ang pagiging *eco-friendly* at paggamit ng mga alternatibong pagpaparada at pag-iilaw ng parol. Mungkahing maidispley na ang mga parol sa mga gusali ng mga akademikong yunit isang linggo bago magsimula ang parada.

Bubuuin ng limang miyembro ang lupon ng inampalan na pipili sa mismong araw ng parada sa mga mananalong parol sa paligsahan. Iaanunsyo ang mga nagwagi sa pagtatapos ng Programa ng Parada ng mga Parol.

**Mga batayan sa pagpili ng magwawaging parol:**

| | |
|---|---|
| Pagsunod sa tema | : 20% |
| Malikhaing paggamit ng materyal | : 30% |
| Presentasyon at biswal na epekto | : 40% |
| Pagiging *eco-friendly* | : 10% |

**Mga Paalala sa Paglalarawan ng Parol at Pagtatanghal**

1. May kabuuang 2.2 kilometro ang kahabaan ng UP Academic Oval.

2. Ang paglalarawan sa inyong parol ay hanggang maximum 300 na salita lamang. Gawing *double-spaced,* 14 pts ang pagkakasulat. Ipadala ang ecopy ng inyong

paglalarawan at ang musika ng inyong pagtatangahal, gamit ng MP3 format, sa yep.steeringcom.upd@gmail.com.

Ang deadline ng pagsusumite ay Martes, **ika-11 ng Disyembre 2018, 5:00 ng hapon.**

Babasahin ng *emcee* ang deskripsyon habang pumapasok sa entablado ang parol at mga delegado ng yunit. Ang Komite sa Programa ay may karapatang i-edit ang isinumiteng deskripsyon kung labis itong mahaba. Isumite din ang inyong listahan ng mga *technical* na pangangailangan kung meron man.

3. Hindi na magkakaroon ng mga pagtatanghal sa harapan ng Palma Hall at Melchor Hall upang hindi gabihin nang husto ang Parada. Bibigyan ng **isang (1) minuto** ang yunit o samahan na may inihandang pagtatanghal sa Ampitheater.

**Mga Premyo:**

| Gantimpala | Akademikong Yunit | College of Fine Arts |
|---|---|---|
| Una | PhP 50,000.00 | PhP 50,000.00 |
| Ikalawa | 30,000.00 | 30,000.00 |
| Ikatlo | 20,000.00 | 20,000.00 |
| Honorable Mention | 10,000.00 | -- |
| Honorable Mention | 10,000.00 | -- |

Maaaring tumawag sa Opisina ng Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad, telepono bilang 9282947 0 9818600 para sa mga katanungan.

## Kaayusan ng Parada ng mga Parol 2018
*(Listahan Base sa Sumali noong 2017)*

| | |
|---|---|
| **Tema** | *"Paglaot, Pagdaong"* |
| **Petsa** | Biyernes, Ika-14 ng Disyembre 2018 |
| **Oras at Lugar ng Pagtitipon** | Ika-4:00 ng hapon, harap ng Quezon Hall hanggang University Avenue |
| **Simula ng Parada** | Ika-5:00 ng hapon |
| **Daloy ng Parada** | *Counter-clockwise* paikot sa Academic Oval hanggang Quezon Hall Ampitheater |

### Hanay sa Parada

| Pangkat A | Pangkat B (Mga Akademikong Yunit) | Pangkat C |
|---|---|---|
| • UP ROTC Symphonic Band<br>• UP Integrated School<br>• UP System Officials<br>• UP Diliman Officials<br>• UP System Administrative Offices<br>  - UP Press<br>  - UP Center for Women's Studies<br>• Diliman Emergency Response Team<br>• UP Diliman Administrative Offices<br>  - OVCAA Family<br>  - OVCA Family (HRDO, SPMO, Accounting, Cash Office, Budget, BCO, PABX/UMT)<br>  - OVCRD Family<br>  - OVCSA Family (Office of Scholarship and | • College of Architecture<br>• College of Arts and Letters<br>• Asian Center<br>• Asian Institute of Tourism<br>• Cesar E.A. Virata School of Business<br>• College of Human Kinetics<br>• School of Economics<br>• College of Education<br>  - NISMED<br>• College of Engineering<br>  - National Center for Transportation Studies<br>• College of Home Economics<br>• Institute of Islamic Studies<br>• College of Law<br>• School of Library and Information Studies<br>• College of Mass Communication<br>• College of Music<br>• National College of Public Administration and Governance<br>• College of Science | College of Fine Arts |

| | | |
|---|---|---|
| Student Services, Office of Student Activities, University Food Service, Student Disciplinary Council, Office of Counseling and Guidance, Diliman Learning Resource Center, DOST-Core Group, Office of Student Housing)<br>- OVCCA Family (Housing Office, University Health Service, Office of Community Relations, Solid Waste Management, Chief Security Office, UP Diliman Police, SSB | • College of Social Science and Philosophy<br>• College of Social Work and Community Development<br>• School of Labor and Industrial Relations<br>• School of Statistics<br>• School of Urban and Regional Planning<br>• University Student Council<br>• Student Organizations<br>o Advertising Core<br>o Anime Manga Enthusiasts<br>o Career Assistance Program<br>o Delta Lambda Sigma Sorority<br>o Junior Philippine Institute of Accountants<br>o UP Mountaineers<br>o UP Red Cross Youth<br>o Sigma Kappa Pi Fraternity<br>o UP Tong Kai<br>o Babaylan<br>o Stand UP | |
| • UP Alumni Association | • All UP Academic Employees Union/All UP Workers Alliance<br>• Campus Ministry<br>• UP Diliman Tennis Club<br>• All UP Workers Union<br>• UP Barangay Campus | |